

Mga Halagang Karaniwang Sinisingil

Kung kwalipikado ka para sa tulong sa ilalim ng BJC Financial Assistance Policy (FAP), maaaring hindi ka sisingilin ng ospital nang mas mataas sa mga halagang karaniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) sa mga indibidwal na may insurance na sumasaklaw sa ganitong pangangalaga. Ang isang pasyenteng kwalipikado para sa pinansyal na tulong ay “sisingilin” lang ng halagang personal na dapat niyang bayaran, pagkatapos mailapat ang lahat ng diskwento (kasama na ang mga diskwentong available sa ilalim ng FAP) at mga pagbabayad ng insurance.

ng insurer at ng halagang (kung mayroon man) personal na dapat bayaran ng indibidwal sa pamamagitan ng mga co-payment, co-insurance o mga naibabawas kahit na aktwal na babayaran ng indibidwal ang lahat o alinman sa kanyang bahagi at hindi isinasalang-alang ang anumang mga dikswentong inilapat sa bahagi ng indibidwal (sa ilalim ng FAP o hindi man). Taunang isinasagawa ang pagkalkula ng AGB para sa bawat ospital.

Kapag naaprubahan na ang pagiging kwalipikado para sa pinansyal na tulong, ilalapat ng ospital ang naaangkop na diskwento ng pinansyal na tulong ayon sa tinukoy sa Talaan ng Kita at Diskwento ng Pinansyal na Tulong. Susuriin ang anumang balanseng dapat bayaran ng pasyente upang matiyak na mas mababa ito sa porsyento ng AGB. Kung mas mataas sa pinapayagang halaga ng AGB ang balanseng dapat bayaran, may ilalapat na karagdagang diskwento sa balanse upang bumaba ito sa porsyento ng AGB.

Makikita sa ibaba ang porsyento ng AGB para sa bawat ospital ng BJC HealthCare. Kung mayroon kang mga tanong patungkol sa pagkalkula ng AGB, mangyaring tumawag sa 314-362-8400 o 855-362-8400.

Tinutukoy ng BJC HealthCare ang AGB sa pamamagitan ng pagmu-multiply ng mga kabuuang singil ng ospital para sa pangangalagang iyon sa isa o higit pang mga porsyento ng mga kabuuang singil, na tinatawag na “porsyento ng AGB.” Taunang kinakalkula ang porsyento ng AGB sa pamamagitan ng paghahati ng buong halaga ng mga claim ng ospital na pinayagan ng mga insurer sa kalusugan sa panahon ng unang 12 buwan sa kabuuan ng mga nauugnay na kabuuang singil para sa mga claim na iyon. Para sa mga layuning ito, ang buong halagang pinapayagan ng isang insurer sa kalusugan ay kinabibilangan ng halagang ireimburse ng insurer at ng halagang (kung mayroon man) personal na dapat bayaran ng indibidwal sa pamamagitan ng mga

Pangalan ng Ospital	Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed Percentage, AGB)
Alton Memorial Hospital	26,4 %
Barnes-Jewish Hospital	34,4 %
Barnes-Jewish St. Peters Hospital	33,6 %
Barnes-Jewish West County Hospital	31,8 %
Boone Hospital Center	34,6 %
Christian Hospital	25,8 %
Missouri Baptist Medical Center	34,9 %
Missouri Baptist Sullivan	34,7 %
Parkland Health Center	33,4 %
Progress West Hospital	38,6 %
St. Louis Children’s Hospital	49,8 %